7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 1

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 1: Aralin 4 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**
- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University - Mindanao)
- Ainie A. Wuani (DepEd)

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D..(Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, UNANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (ANYONG PATULA) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng biyograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda at comic book na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na pananagutan at kasanayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga detalye ng teksto na may kritikal na pag- unawa**<br>• Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>• Nasusuri ang mahalagang pangyayari ng teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>• Nabibigyang- kahulugan ang epiko<br>• Naiisa-isa ang mga katangian, bahagi at elemento ng epiko<br>• Naiuugnay ang mahalagang kaisipan ng epiko batay sa sariling pananaw at katangian<br>• Nabibigyang katuturan ang piling salita na ginamit sa akda<br>• Nasusuri ang mga mahahalagang pangyayari ng teksto batay sa konteksto ng panahon at lunan o lugar ng pagsulat<br><br>**Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br>• Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>• Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto |
| **D. Nilalaman** | Epikong bayan (gaya ni Alim, Bantugan, Biag ni Lam-ang, Ibalon, Kudaman, Labaw Donggon at iba pa)<br>Tekstong Biswal |


| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals<br>• SDG 16: Kapayapaan, hustisya |
|---|---|

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br><br>Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf<br><br>Panitikang Pilipino: *Filipino Modyul para sa Mag-aaral 7*.<br><br>Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.<br><br>Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan*. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng- kapilipinuhan.pdf<br><br>Villanueva, V. M. (2018). #*ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**UGNAY-SALITA:** Itala sa speech balloon ang alam tungkol sa EPIKO. | Ang halimbawang gawain ay maaaring gawing gabay para lubos na maunawaan ang mga paksa. Maaari rin itong imodipika ng guro. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br>Itanong:<br>1. Ano ang epiko?<br>2. Bakit naging popular o kilala ang epiko sa panahon ng katutubo?<br><br>**TANONG-UNAWA:** Iguhit ang ♥ kung ang pahayag ay makatotohanan at X kung hindi makatotohanan.<br><br>1. Ang epiko ay ipinahahayag nang pasalita, patula o paawit.<br>2. Walang sukat ang isang epiko<br>3. Mula sa Maguindanao ang Epiko ng Alim.<br>4. Ang pangunahing tauhan sa epiko ay nagtataglay ng kakaibang kapangyarihan.<br>5. Matatalinghaga ang mga salitang ginamit sa isang epiko.<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>**HEPHEP-HOORAY:** Sabihin ang hep-hep, kung may tanong pa tungkol sa nakaraang paksa. Isigaw naman ang hooray kung walang katanungan. | Ang speech balloon ay tinatawag ding speech bubble, dialogue balloon at word balloon. Ito ay isang grapiko na ginagamit sa komiks upang ipakita ang dayalogo at emosyon ng karakter.<br><br>Kung may oras ay hayaan ang mga bata na ipaghambing ang kanilang mga sagot sa kanilang katabi.<br><br>*Tamang sagot:*<br>1. ♥<br>2. X<br>3. X<br>4. ♥<br>5. ♥<br><br>Magbigay-linaw ang guro kung mayroong katanungan. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**KILALANIN MO:** Tukuyin ang PINOY *SUPERHEROES* sa larawan. Ano ang kapangyarihang taglay nila?<br><br>https://comicvine.gamespot.com/profile/terrymcc/lists/heroes-heroines-of-the-philippines/12353/<br><br>Itanong: "Kung ikaw ay magkakaroon ng kapangyarihan ano ito at bakit?"<br>Ipaliwanag: "Ang pagkakaroon ng kapangyarihan ay may kalakip na responsibilidad."<br><br>Ang epiko ay nanggaling sa salitang Griyego na "epos" na nangangahulugang awit o salita. Ito ay ipinahahayag na pasalita, patula at paawit. Tumatalakay ito sa pakikipagsapalaran at kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng katangiang nahihigit sa karaniwang tao. Ang haba ng mga epiko ay aabot mula 1,000 hanggang 55,000 na liya kaya ang pagtatanghal dito ay aabutin ng ilang oras o araw. Layunin ng epiko na magpanatili sa kultura at kasaysayan pati na rin ang pagtuturo ng mabuting asal. | *Posibleng sagot:*<br>Darna<br>Captain Barbell<br>Panday<br>Lastikman<br>Dyesebel<br>Flash Bomba<br>Gagambino<br><br>Si Marcial "Mars" Custudio Ravelo ang Hari ng Philippine Komiks.<br><br>Ipaalam na ang panitikang pag-aaralan ay tungkol sa mga karakter na may natatanging kapangyarihan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **TUON-TANONG:** Sa isang malayang talakayan, pagtulungang sagutan ito.<br><br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**TUKOY-PAHAYAG:** Basahin ang piling pahayag mula sa epikong Biag ni Lam-ang. Bigyan ng pagpapakahulugan ang mga salitang may salungguhit at gamitin ito sa pangungusap.<br><br>1. Ang bigay-kaya ay bahagi ng tradisyon na kaugalian hinggil sa pag-aasawa.<br>2. Maraming natatakot na lumusong sa malalim na bahagi ng katubigan dahil sa takot silang makain ng isang berkakan.<br>3. Ang mga kababaihan ay nagsusuot ng tapis upang protektahan ang ibabang bahagi ng kanilang katawan.<br>4. Sa laki ng kasalanang iyong nagawa ang mga tao sa inyong lugar ay tuluyan ng namuhi sa iyong ginawa.<br>5. Nagtangis si Ines nang malamang namatay si Lam-ang na kanyang bana. | Maaaring imodipika ang mga gawain.<br><br>Sagot:<br>1. regalo o pera ng magulang sa kasal<br>2. uri ng isda na Malaki<br>3. kasuotan na pambabae<br>4. nagagalit<br>5. umiyak, asawang lalaki<br><br>Ipagamit sa sariling pangungusap ang mga sinalungguhitang salita. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Halimbawang Epiko**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**NOOD-SURI:** Panoorin ang video clip tungkol sa mga piling epiko ng bansa. Gamitin ang mga link na ibinigay. | Maaaring pagpipilian at iangkop sa konteksto ang mga gawaing inihanda.<br><br>Maaaring pangkatan ang gawain. Kung walang kakayahang makapanood ay |

**A** **B** **C**



***Biag ni Lam-ang***
(Life of Lam-ang)
Sinulat ni Pedro Bucaneg
Epiko ng Ilokano



***Bantugan***
(Prince Bantugan)
Epiko ng Mindanao




***Ibalon***
Epiko ng Bikol
Salaysay ni Pari Jose Castano

Itanong:

1. Ano ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga pangunahing tauhan sa epiko?
2. Ano ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga epiko ng bansa?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**BASA-TALA:** Basahin ang buod ng epiko at isaalang-alang ang mga gabay na tanong.

***Biag ni Lam-ang***
(Life of Lam-ang)
Sinulat ni Pedro Bucaneg
Epiko ng Ilokano


ipabasa ang buod ng mga epiko.

Mga link ng video:
Biag ni Lam-ang
https://www.youtube.com/watch?v=pRVOvbVAhL4

Bantugan
https://www.youtube.com/watch?v=UDwNNKXvps4

Ibalon
https://www.youtube.com/watch?v=EMu3E7mJ9uI

Maaaring tahimik o pasalita ang pagpapabasa.



Sina Don Juan at Namongan ay mag-asawang naninirahan sa Nalbuan. Mayroon silang isang anak na lalaki na nagngangalang Lam-ang. Bago ipanganak si Lam-ang, umalis at nagpunta sa bundok si Don Juan upang sugurin ang mga kalabang Igorot. Wala pang siyam na buwang nasa sinapupunan ay ipinanganak na si Lam-ang. Pagkalabas na pagkalabas ni Lam-ang ay agad na itong nakakapagsalita. Sinabi niya sa kanyang ina na "Lam-ang" ang ipangalan sa kanya at siya na rin ang pumili ng magiging ninong niya sa oras na siya ay binyagan. Nagtanong si Lam-ang sa kanyang ina kung nasaan ang kanyang ama dahil sa mga oras ng siya ay ipinanganak ,wala sa tabi niya ang kanyang ama. Nang sinabi ni Namongan kung saan naroroon si Don Juan, nagpasya si Lam-ang na puntahan ang kanyang ama ngunit ayaw itong payagan ng kanyang ina. Nagpumilit itong umalis kaya wala pa ring nagawa si Namongan.

Habang naglalakbay si Lam-ang sa kabundukan ay nagpasya itong magpahinga muna hanggang sa ito'y makatulog. Habang siya ay natutulog, napanaginipan Isang araw ay nanaginip si Lam-ang na ang kanyang ama ay pinatay ng mga igorot. Sa galit nito ay nagpunta siya sa kabundukan at pinatay lahat ng igorot doon. Ang batang si Lam-ang ay siyam na taong gulang pa lamang noon. Sa kanyang pag-uwi sa kanilang lugar sa Nalbuan ay napadaan si Lam-ang sa ilog ng Amburayan. Doon ay pinaliguan siya ng mga kaibigang babae. Ang mga dumi at dugo sa katawan ni Lam-ang ay naging tila lason na pumatay sa mga isdang nasa ilog.

**A.** Ilahad ang natatanging kakayahan ni Lam-ang. Alin ang iyong naibigan? Bakit?

Nang nasa wastong gulang na si Lam-ang ay nakilala niya si Ines Kannoyan. Siya ay umibig dito. Nagpasyang manligaw si Lam-ang sa magandang si Ines. Dala ang

Larawan ay kuha sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Biag_ni_Lam-ang



kanyang tandang at paboritong aso ay pinuntahan niya ito. Ngunit lubos siyang nainis nang makitang maraming nakapalibot na manliligaw sa bahay ni Ines kaya't inutusan niya ang kanyang tandang na tumilaok. Sa pagtilaok ng manok ay agad na nasira ang bahay ni Ines at namatay ang lahat ng manliligaw. Agad namang inutusan ni Lam-ang na kumahol ang aso at tumahol nga ito. Sa tahol naman ng kanyang aso ay tila himalang bumalik sa dati ang gumuhong bahay ni Ines. Lumabas si Ines at ang magulang nito upang harapin si Lam-ang. Hiningi ni Lam-ang ang kamay ni Ines upang pakasalan. Hindi naman tumanggi ang mga magulang ni Ines sa isang kondisyon na magbigay-kaya. Hindi naman ito naging hadlang kay Lam-ang. Umuwi si Lam-ang at bumalik na may dalang bangka na puno ng ginto. At kalauna'y ikinasal din sila ni Ines.

**B.** Anong mga kaugaliang Ilokano ang ipinahiwatig sa epiko? Patunayan.


Lumipas ang maraming taon ay dumating ang pagkakataon upang manghuli si Lam-ang ng isdang *Rarang*. Isang obligasyon sa mga lalaking may asawa ang humuli nito. Ngunit may pangitain na si Lam-ang na mapapatay siya ng isdang *Berkahan*. Ito ay isang isda na kalahi ng mga pating. Sa kabila nito ay di pa rin nagbago ang isip ni Lam-ang na hulihin ang isdang *Rarang*. Ngunit nangyari nga ang pangitain ni Lam-ang at siya ay napatay ng *Berkahan*. Lubhang nagtangis si Ines at agad na umupa ng mga maninisid upang makuha ang mga buto ni Lam-ang. Agad namang nakuha ang mga buto ni Lam-ang. Kasama ni Ines ang tandang at aso ni Lam-ang, kanilang dinasalan gabi-gabi ang mga buto ng asawa. Hanggang sa isang araw, si Lam-ang ay muling nabuhay. Mula noon ay namuhay sila nang masaya.

Larawan ay kuha sa http://avrotor.blogspot.com/2012/11/life-of-lam-ang-biag-ni-lam-ang-anatomy.html

**Ikatlong Araw**


**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**PAMAYPAY-SALAYSAY:** Punan ang grapikong presentasyon ng mahahalagang detalye mula sa binasang epiko.




Itanong:


1. Anong kultura o tradisyon ang nakapaloob sa epiko?
2. Paano nakatulong ang pagdedetalye ng mga lugar at panahon na naisulat ang akda sa pag-unawa nito?
3. Ipaliwanag kung bakit isa sa mga akda sa panahon ng katutubo ang epikong binasa.
4. Patunayan na ang mga Ilokano ay:

| | | |
|---|---|---|
| | • matapang<br>• masipag<br>• matipid<br>• maalaga sa kalikasan<br>• mapayapa<br>• iba pang katangian<br><br>**TUKOY-BANGHAY**: Pagkatapos mabasa/mapanood ang epiko ay punan ang banghay. Iulat sa klase ang nabuong sagot.<br><br><br><br><br>**Ipagawa:**<br>1. Ipasuri ang mahahalagang pangyayari sa epiko batay sa konteksto ng panahon.<br>2. Ilahad ang mga kulturang nasasalamin sa mga akda. | Maaaring pangkatan ang pagpapasagot..<br><br>Pangkat 1: Biag ni Lam-ang<br><br>Pangkat 2: Bantugan<br><br>Pangkat 3: Ibalon<br><br>Ang banghay ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa akda. |

**RUBRIK SA PAG-UULAT**


| PAMATAYAN | (5) Napakahusay! | (3) Mahusay! | (1) Pagbutihin Pa! |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mga datos na inilahad ay nagpapakita ng angkop na detalye. | May mga datos/gawain na hindi gaanong nagpapakita ng kaangkupan. | Lahat ng inilahad ay higit na nangangailangan ng kaangkupan sa gawain. |
| Kalinawan ng presentasyon | Napakahusay ng ginawang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Hindi malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. |
| Kooperasyon | Lahat ng miyembro ng pangkat ay may pagkakaisa ay maayos ang ipinakitang presentasyon. | Dalawa sa miyembro ng pangkat ay hindi maayos na nakiisa. | Hindi maayos ang presentasyon dahil sa hindi nakita ang pagtutulungan ng bawat miyembro. |
| Kabuoan | | | |


**VENN NG KAPAYAPAAN:** Paghambingin ang dalawang (2) epiko na nabasa kung paano natamo ng bida ang kapayapaan o katagumpayan. Isulat naman sa gitna ang magagawa mo upang makapag-ambag para sa kapayapaan ng bansa sa kasalukuyan.



**Kaugnay na Paksa 2**: Tekstong Biswal (Komiks)

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**






Ang komiks ay isang uri ng tekstong biswal na binubuo ng dayalogo, salita at larawan na siyang nagsasalaysay sa diwa ng kuwento. Sa Pilipinas, si Dr. Jose P. Rizal ang kauna-unahang nagsulat ng komiks na pinamagatanag, “Si Pagong at si Matsing:

Gumagamit ang komiks ng lobo ng usapan (*speech balloons/speech bubbles/speech dialogues)* na siyang naglalahad sa emosyon ng karakter.




Ang tekstong biswal ay naglalahad ng impormasyon sa pamamagitan ng mga disenyo, grapiko, larawan at iba pang elemento ng sining.

Mga elemento ng tekstong biswal ay tumutukoy sa porma, hugis, linya, kulay, tekstura, espasyo, balanse at iba pa.

Uri ng lobo ng usapan:
1. *speech bubble*
2. *scream bubble*
3. *radio bubble*
4. *whisper bubble*
5. *thought bubble*




Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagbuo ng Komiks Strip

1. Tukuyin ang pangunahing tauhan.
2. Tukuyin ang tagpuan.
3. Tukuyin ang balangkas ng kuwento/epiko.
4. Ipokus ang atensiyon sa dayalogo at daloy ng kuwento.
5. Ayusin at pagandahin ang gawa.



2. Pinatnubayang Pagsasanay

**TUKOY-DAYALOGO:** Pumili ng isang epiko. Tukuyin ang tauhan/mga tauhan ng epikong nabasa at ang mga dayalogo.

| Mga Tauhan | Mga Dayalogo | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

Bahagi ng komiks:
1. kuwadro
2. kahon ng salaysay
3. pamagat ng kuwento
4. larawang guhit
5. lobo ng usapan


Maaaring bumuo ng ibang format depende sa mga dayalogo na isusulat.

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Paglalapat at Pag-uugnay<br>**GAWA-KOMIKS:** Gumawa ng komiks gamit ang mga dayalogo na natukoy<br> | |
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**BINTANA-UNAWA:** Ilahad ang natutunan mula sa talakayan.<br> | **Anumang Mahaba ay Nagiging Epiko**<br><br>Ang mga epiko o tulang bayani ay naging libangan ng ating mga ninuno bago pa dumating ang mga Kastila. Nang dumating ang mga Kastila, ang Pasyon na tumatalakay sa buhay at kamatayan ni Kristo ang ipinalit ng mga prayle.<br><br>Sa kasalukuyan, ang salitang epiko ay ginagamit bilang paglalarawan sa anumang mahabang nagaganap. Ang teleserye sa telebisyon ay inihahalintulad kung minsan |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.<br><br>Sa linggong ito:<br>• Nalaman kong ____________________________________________.<br>• Naranasan kong __________________________________________.<br>• Naramdaman kong ________________________________________.<br>• Para sa akin, ang mga awiting-bayan sa panahon ng katutubo ay_____________.<br>• Bilang mag-aaral, _________________________. | sa epiko. Maging ang mahabang imbestigasyon sa senado ay tinatatawg din kung minsan na epiko o di kaya ay Moro-moro lalo pa kung scripted ang nagaganap sa pangyayari. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot.<br>1. Anong uri ng panitikan ang tumatalakay sa kabayanihan at pakikipaglaban sa kanilang mga kaaway?<br>A. Awiting bayan<br>A. Salawikain<br>B. Epiko<br>C. Nobela<br><br>2. Anong elemento ng epiko ang maaring magtaglay ng kapangyarihang supernatural o di pangkaraniwang katangian?<br>A. Tauhan<br>B. Tagpuan<br>C. Suliranin<br>D. Tunggalian<br><br>3. Ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang akda.<br>A. Wakas<br>B. Banghay<br>C. Kasukdulan<br>D. Kakalasan<br><br>4. Ano ang kahulugan ng salitang Griyegong “Epos”?<br>A. Awit<br>B. Korido<br>C. Kundiman<br>D. Sayaw<br><br>5. Saan nagmula ang epikong Ibalon?<br>A. Ifugao<br>B. Visayas<br>C. Mindanao<br>D. Bikol | Tamang sagot:<br>1. C<br>2. A<br>3. B<br>4. A<br>5. D<br><br>Ipawasto sa klase. |

**B. Panuto:** Punan ng angkop na dayalogo ang komik istrip sa ibaba mula sa epikong Ibalon.



Sagutin:
1. Ano ang mga elemento ng tekstong biswal?
2. Paano makakatulong ang tekstong biswal sa pag-unawa sa binasa?

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)**

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |